
2

# Sining

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Pagiging Malikhain




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Pagiging Malikhain**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**BUMUO SA PAGSUSULAT NG MODYUL**

**Manunulat:** Rose Ann Joy DC. Fajardo
**Editor:** Florida A. Alejandro
Ramon J. De Leon, PhD
**Tagasuri:** Rosell B. Canlas
Charina S. Sogue
Engelbert B. Agunday, EdD
**Tagaguhit:** Kristina DT. De Leon
**Tagalapat:** Kristina DT. De Leon
**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong, PhD, CESO V
Librada M. Rubio, PhD
Ma. Editha R. Caparas, EdD
Nestor P. Nuesca, EdD
Priscilla D. Sanchez, PhD
Ever M. Samson
Josephine S. Tabangay

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Sining

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
## Pagiging Malikhain

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Sining 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagiging Malikhain!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Sining 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagiging Malikhain!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
|  *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
|  *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.


Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Sa pamamagitan ng araling ito, makikilala mo ang husay at galing ng mga Pilipino sa paglikha ng iba't ibang sining gamit ang mga bagay na matatagpuan sa ating kapaligiran.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang iyong makikilala ang pagkamasining ng mga lokal na manggagawa sa paggawa ng taka, saranggola at bangka. (A2EL-IVa-1)



# Subukin

Panuto: Tukuyin ang sagot sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ito ay likhang sining na hayop o manika na gawa sa ginupit-gupit na papel at binuo gamit ang balangkas.
   a. saranggola c. bangka
   b. taka d. wala sa nabanggit
2. Ang likhang sining na ito ay binuo gamit ang patpat, tali, plastik at papel. Dapat ay balanse ang bigat nito upang mapalipad sa hangin.
   a. saranggola c. bangka
   b. taka d. wala sa nabanggit
3. Ito ang pangunahing kagamitan sa paglikha ng bangka.
   a. dahon c. kahoy
   b. papel d. plastik
4. Ito ang lugar sa Pilipinas na kilala sa paggawa ng mga taka.
   a. Cavite c. Maynila
   b. Baguio d. Laguna
5. Mahalaga ang katangiang ito upang makalikha ng maayos at magandang sining.
   a. pagiging mahiyain c. pagiging masayahin
   b. pagiging malikhain d. pagiging magalang

# Aralin 1 Pagiging Malikhain

Ang iba't ibang likhang sining ay nagpapakilala sa pagiging malikhain ng mga Pilipino. May alam ka bang mga likhang sining na gawa sa inyong pamayanan?

## *Balikan*

Panuto: Basahin ang tula at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.


Mahusay sa Sining
ni Rose Ann Joy DC. Fajardo

Kaysarap matutuhan ang iba't ibang kasanayan
Mga likhang Sining, nagagawang may kahusayan
Pagguhit, pagpinta at paglimbag ng letra
Aking paghuhusayin upang galing ko ay maipakita.

1. Ano-anong kasanayan ang binanggit sa tula?
2. Alin sa mga salitang binanggit ang paborito mong gawin?

# Tuklasin

Ang ating bansa ay mayaman sa sining. Narito ang mga halimbawa ng mga likhang sining na nagpapakita ng pagiging malikhain ng mga Pilipino. Makikilala mo ba ang mga ito?









Taka (paper machè) ang tawag sa mga ito. Ang taka ay gawa sa ginupit-gupit na papel na idinikit sa balangkas na may iba't ibang hugis tulad ng hayop, maskara o manika. Ang mga ito ay patutuyuin at pipintahan upang makagawa ng maganda at maayos na disenyo. Sa Paete, Laguna matatagpuan ang pagawaan ng mga taka.

Nakikilala mo ba ang kasunod na larawan?



Tama. Ito ay saranggola. Ang saranggola ay gawa sa plastik, papel, tali at patpat. Kailangang balanse ang bigat nito upang makalipad sa hangin.

Ano naman ang panghuling larawan?



Bangka ang tawag dito. Ito ay katutubong sining ng mga Pilipino. Gawa ito sa kahoy. Karaniwang ginagawa ang bangka sa tabing-dagat upang magamit ng mga mangingisda sa panghuhuli ng isda. Ginagamit din ito upang makatawid sa dagat.



## Suriin

Ang taka, saranggola at bangka ay ilang halimbawa ng mga likhang sining ng mga lokal na manggagawa sa kanilang pamayanan. Gumagamit sila ng mga kagamitang matatagpuan sa kanilang kapaligiran upang maipakita ang pagiging malikhain.



Nakakita ka na ba ng mga nabanggit na likhang sining? Naranasan mo na bang gumawa ng mga ito?

## Pagyamanin

### Gawain 1

Panuto: Kilalanin ang mga bagay na nasa larawan na maaaring gamitin sa paggawa ng mga likhang sining. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| patpat | dyaryo | papel |
| kahoy | plastik | |




1. 
2. 
3. 
4. 

5. 

### Gawain 2

Panuto: Kilalanin ang mga likhang sining sa ibaba. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| taka | saranggola | bangka |

1. 
2. 
3. 

## Gawain 3

Panuto: Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Isulat ang titik ng iyong sagot sa iyong sagutang papel.

**Hanay A**

1. Gawa ito sa ginupit-gupit na papel at binuo gamit ang balangkas.
2. Mayroon itong balanseng bigat upang makalipad sa hangin.
3. Kahoy ang ginagamit sa paggawa nito.
4. Dito matatagpuan ang pagawaan ng mga taka.
5. Ito ang katangiang kailangan sa paglikha ng sining.

**Hanay B**

a. Laguna

b. taka

c. pagkamalikhain

d. saranggola

e. bangka

## *Isaisip*


Ang _____________, _________________ at ______________ ay mga halimbawa ng sining na nagpapakita ng pagiging malikhain ng mga Pilipino.  Ginagawa ang mga ito gamit ang iba't ibang bagay na matatagpuan sa ating pamayanan.

## *Isagawa*

Panuto: Piliin sa mga larawan ang nais mong gawin upang maipakita ang pagiging malikhain. Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Lagyan ng ✓ kung opo at **x** naman kung hindi po. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



taka



saranggola



bangka

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Matatagpuan ba sa iyong kapaligiran ang mga kagamitan para sa nais mong likhain? | |
| 2. Maipakikita mo ba ang pagiging malikhain sa paggawa nito? | |
| 3. Maipagmamalaki mo ba ito? | |

## Tayahin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Binigyan ka ng iyong guro ng patpat, plastik at papel. Anong proyekto ang maaari mong gawin?
   a. taka
   b. saranggola
   c. bangka
   d. wala sa nabanggit
2. Nais mong gumawa ng laruang hayop para sa iyong kapatid. Nakakita ka ng mga ginupit-gupit na dyaryo. Ano ang maaari mong gawin?
   a. taka
   b. saranggola
   c. bangka
   d. wala sa nabanggit
3. Isang mangingisda ang iyong ama. Nakita mong may dala siyang kahoy. Ano ang kanyang gagawin?
   a. taka
   b. saranggola
   c. bangka
   d. wala sa nabanggit
4. Saan matatagpuan ang mga bagay na ginagamit ng mga lokal na manggagawa sa paggawa ng kanilang likhang sining?
   a. sa ibang bansa
   b. sa malayong lugar
   c. sa kapaligiran
   d. wala sa nabanggit
5. Paano mo maipakikita ang pagiging malikhain?
   a. Gagamitin ko ang mga bagay na matatagpuan sa aking kapaligiran.
   b. Magpapagawa ako sa magaling gumawa.
   c. Bibili ako ng ginawa ng ibang tao.
   d. Wala akong gagawin.

# *Karagdagang Gawain*

Panuto: Hanapin sa iyong kapaligiran ang mga kagamitang nakatala sa ibaba. Iguhit ang △ kung ang bagay na nakatala ay iyong matatagpuan at ○ naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. papel
2. dyaryo
3. plastik
4. kahoy
5. patpat

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. b
2. a
3. c
4. d
5. b

**Pagyamanin**

Gawain 1

1. papel
2. kahoy
3. plastik
4. dyaryo
5. patpat

Gawain 2

1. bangka
2. saranggola
3. taka

Gawain 3

1. b
2. d
3. e
4. a
5. c

Isagawa

1. ✓
2. ✓
3. ✓

Tayahin

1. b
2. a
3. c
4. c
5. a

# *Sanggunian*


Department of Education. 2020. Most Essential Learning | Search Results | Department of Education. deped.gov.ph. Acessed date July 31, 2020. https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

DepEd Order No 43, s. 2013 Department of Education. 2013. K to 12 Art Curriculum Guide. Unang Edisyon. Pasig City. Acessed date September 3, 2020. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Arts-CG.pdf

Ramilo, Ronaldo V., et al. 2013. Music, Art, Physical Education and Health - Ikalawang Baitang, Kagamitan ng Mag-aaral. Pasig City. DepEd- IMCS.

Ramilo, Ronaldo V., et al. 2013: Music, Art, Physical Education and Health - Ikalawang Baitang, Patnubay ng Guro. Pasig City. DepEd-IMCS.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph